# **Plano para sa Pagpapabuti ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan ng Komunidad** para sa Los Angeles County (**Community Health Equity Improvement Plan** for Los Angeles County)

2024-2029



Last Rev: 10/03/2024 Tagalog/Filipino

# Ano ang Plano para sa Pagpapabuti ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan ng Komunidad [Community Health Equity Improvement Plan (CHEIP)]?

Ito ay pinagsamang plano sa pagitan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles (Public Health), mga kapartner, at mga kinauukulang may interes (stakeholder) upang isulong ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan at itaguyod ang malusog, maunlad na mga komunidad.

Sa panahon ng pagbuo nito, ang Pampublikong Kalusugan ay nakipagtulungan sa mga kapartner sa komunidad at mga kinauukulang may interes (stakeholder) upang suriin ang pinakabagong magagamit na datos (data) at matukoy ang mga estratehiya na sama-samang makakaapekto sa ilan sa mga pinakamatinding isyu sa kalusugan ng publiko sa Los Angeles County.

Ang CHEIP na ito ay sumasalamin sa mga isyu sa kalusugan ng populasyon na patuloy na may mataas na priyoridad at nagpapatibay sa kahalagahan ng pakikipagtulungan at paghahanay ng mga pagsisikap upang makamit ang pagkakapantay-pantay at itaguyod ang kalusugan nang sama-sama.



## MGA PINAGTUTUUNAN NG PANSIN

- Pagkamatay ng Sanggol at Ina ng mga Itim at Aprikano-Amerikano
- Mga Impeksyong Naililipat sa Pakikipagtalik at Syphilis Habang Ipinapanganak (Congenital Syphilis)
- Katarungang Pangkapaligiran
- Pagpigil sa Karahasan

# Pagkakapantay-pantay Bilang Isang Pundasyon

**Ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan ay nakakamit kapag ang bawat isa ay may patas at makatarungang pagkakataon na makamit ang kanilang pinakamainam na kalusugan at kapakanan.**

Ang CHEIP ay batay sa isang Balangkas ng Pagkakapantay-pantay na itinatag upang gabayan ang pagdisenyo o pagpapahusay ng mga programa at proseso. Ang mga estratehiya ay inorganisa ayon sa mga sumusunod na Prayoridad sa Pagkakapantay-pantay:

Magbigay ng akses sa kapaki-pakinabang at inklusibong datos ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

Suportahan ang pagbabago sa mga patakaran at sistema para sa patas na pamamahagi ng mga oportunidad at makukuhang gamit/impormasyon/tulong.

Bumuo ng mga samahan (partnership) na tunay na nagbabahagi ng kapangyarihan at iginagalang ang awtonomiya ng komunidad.

Pagtibayin ang pagiging handa at kapasidad ng organisasyon na mapagpatibay ang isang makatarungang kultura at isulong ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

# Makibahagi

Ang CHEIP ay nag-aalok ng kolektibong panimulang punto para sa mga napiling pagtutuunan ng pansin at kinikilala na ang mga pagsisikap ng iba pang mga organisasyon, ahensya, kinauukulang may interes (stakeholder), at mga miyembro ng komunidad ay nagsusulong din ng pagkakapantay-pantay at pagpapabuti ng mga kinalabasan sa kalusugan.

Ang bawat seksyon sa CHEIP ay nag-aalok ng karagdagang 'Mga Kolaboratibong Aksyon' na maaaring gawin upang suportahan o punan ang mga gawaing tinukoy sa CHEIP.

Habang ipinatutupad ng Pampublikong Kalusugan at mga katuwang ang CHEIP, planong palawakin at baguhin ang plano na may karagdagang mga oportunidad upang higit pang mapaunlad ang kolektibong epekto sa mga pinupuntiryang prayoridad sa kalusugan.

**Para sa mga pagbabago, pumunta sa:**

http://publichealth.lacounty.gov/pie/planning/chip.htm

## Pahayag na Resulta:

Ang lahat ng mga sanggol at ina/mga nagpapanganak na Itim/Aprikano-Amerikano sa Los Angeles County ay nagtatamasa ng malusog at masayang panganganak at patuloy na umuunlad kahit lampas sa unang kaarawan ng sanggol.

## Nasusukat na Layunin:

Sa loob ng limang taon, bawasan ng 50% ang agwat sa Antas ng Pagkamatay ng Sanggol [Infant Mortality Rate (IMR)] sa pagitan ng mga Puti at Itim/Aprikano-Amerikano na sanggol sa pamamagitan ng pagpapababa ng IMR ng mga Itim/Aprikano-Amerikano.

# Pinagtutuunan ng Pansin 1: Pagkamatay ng Sanggol at Ina ng mga Itim at Aprikano-Amerikano



# Mga Estratehiya

## Kapaki-pakinabang at Inklusibong Datos

**Estratehiya 1:** Pagsapit ng Hunyo 2025, mailunsad at mapanatili ang isang pampublikong naa-akses na dashboard ng datos ng pagkamatay ng sanggol at ina at kaugnay na datos na pinaghiwahiwalay ayon sa lahi/etnisidad.



## Pagbabago ng Patakaran at Mga Sistema

**Estratehiya 2:** Pagsapit ng Hunyo 2026, suriin ang pagpapatupad ng isang inisyatibong nagpapatatag ng ekonomiya, tulad ng programang Garantisadong Kita, na nagsisilbi sa hindi bababa sa 400 buntis na indibidwal na apektado ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan ng panahon ng pagbubuntis at panganganak (perinatal)

**Estratehiya 3:** Pagsapit ng Hunyo 2027, palawakin ang Programa na Doula ng Pagkamatay ng Sanggol at Ina ng Aprikano-Amerikano [African American Infant and Maternal Mortality (AAIMM)] sa hindi bababa sa tatlong sistema na may kaugnayan sa kalusugan upang mapabuti ang akses sa pangangalaga sa ina na nagpapatibay at sumusuporta sa kultura.



## Pagbuo ng Pakikipagkaisa (Partnerships)

**Estratehiya 4:** Pagsapit ng Hunyo 2027, pondohan ang hindi bababa sa 10 mga organisasyon ng komunidad upang magbigay ng mga serbisyong nagpapababa ng tensyon (stress) at suporta para sa mga Itim na buntis at pamilyang nag-aaruga ng mga anak sa pamamagitan ng AAIMM Village Fund.

## Pagiging Handa at Kakayahan ng Organisasyon

**Estratehiya 5:** Pagsapit ng Disyembre 2025, palakasin ang kakayahan ng mga Koponan ng Aksyon ng Komunidad (Community Action Team) na tukuyin ang mga lokal na pangangailangan at bumuo at magpatupad ng hindi bababa sa isang bagong estratehiya bilang tugon sa lokal na pagtatasa ng pangangailangan na isinagawa upang matugunan ang hindi pagkakapantay-pantay sa pagkamatay ng sanggol at ina ng Itim/Aprikano-Amerikano.

**Estratehiya 6:** Pagsapit ng Hunyo 2026, tapusin ang tatlo hanggang limang taon estratehikong plano sa pamamagitan ng pinagsamang pagdedesisyon sa AAIMM Steering Committee.

# Mga Aksyon ng Pagtutulungan

## 1. Tagapagtaguyod para sa mga Pagbabago sa Patakaran at Mga Sistema

Suportahan ang mga patakaran at mga gawain na inuuna ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan ng ina at sanggol, tinutugunan ang sistematikong rasismo at diskriminasyon, at pinapabuti ang akses sa at paggamit ng pangangalagang pangkalusugan, matatag na pabahay, at iba pang suporta para sa mga indibidwal at pamilya ng Itim/Aprikano-Amerikano.

## 2. Mag-ambag sa Inklusibong Pananaliksik at Datos

Magdagdag sa kalipunan ng datos tungkol sa pagkamatay ng ina at sanggol at mga kaugnay na datos na hiniwahiwalay batay sa lahi at etnisidad upang mas maunawaan ang mga ugat na sanhi ng pagkakaiba-iba ng resulta sa kalusugan ng ina at sanggol ayon sa lahi at mas mahusay na matukoy ang mabisang mga interbensyon upang matugunan ito sa loob at labas ng inyong institusyon.

## 3. Makibahagi sa mga Prayoridad na Pinangungunahan ng Komunidad

Makibahagi kasama ng mga komunidad at mga miyembro ng komunidad sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at inisyatibo upang suportahan at ipagdiwang ang mga pamilya ng buntis at pamilyang nag-aaruga ng mga anak na Itim/Aprikano-Amerikano.

## 4. Itaguyod ang mga Programa na Nakabase sa Komunidad at Mga Serbisyo sa Panlipunang Suporta

Itaguyod, pondohan, at/o suportahan ang mga programang nag-aalok ng edukasyon (hal., mga grupong klase sa panahon ng  pagbubuntis at panganganak (prenatal), kapakanang pinansyal, mga pamamaraan sa pamamahala ng tensyon [stress], suporta sa pagpapasuso), pagpapayo (kalusugan ng isip, nutrisyon), mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong, tulong sa pag-akses sa pangangalagang pangkalusugan, o iba pang mga serbisyong panlipunang suporta (hal., pakikilahok ng mga ama) para sa mgaItim/Aprikano-Amerikanong buntis na kababaihan at mga pamilyang nag-aaruga ng mga anak.

## 5. Isulong ang Pagbabago ng Organisasyon

Palawakin ang edukasyon, kamalayan, at pagpapalaganap tungkol sa pagkamatay ng sanggol at ina ng Itim/Aprikano-Amerikano bilang isang usaping pangkalusugan ng publiko. Tanggalin ang mga salaysay na sinisisi ang mga indibidwal na babaeng Itim/Aprikano-Amerikano; sa halip, tukuyin ang rasismo at magtrabaho para sa pagbabago ng mga sistema. Suportahan ang mga organisasyon at ahensya na nakatuon sa serbisyo sa pagpapataas ng paghahanda at kakayahan ng organisasyon upang mas maunawaan at matugunan ang mga natatanging pangangailangan at karanasan ng mga residenteng Itim/Aprikano-Amerikano.

# Pinagtutuunan ng Pansin 2: Mga Impeksyong Nakukuha sa Pakikipagtalik at Syphilis habang ipinapanganak (Congenital Syphilis)



## Pahayag ng Resulta:

Lahat ng tao sa Los Angeles County, kabilang ang mga susunod na henerasyon, ay protektado mula sa mga impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik at syphilis habang ipinapanganak (congenital syphilis).

## Nasusukat na Layunin:

Ang bilang ng mga kaso ng pangunahin at sekondaryong syphilis ay bababa sa mga Aprikano-Amerikano at mga Latino/Latina na kalalakihan na nakikipagtalik sa kapwa lalaki (MSM) ng 20% sa loob ng limang taon.

# Mga Estratehiya

## Kapaki-pakinabang at Inklusibong Datos

**Estratehiya 1:** Pagsapit ng Disyembre 2024 at nagpapatuloy, regular na ipamahagi ang napapanahon at madaling gamitin na datos tungkol sa HIV at STI, sinisigurado ang pagkakaroon ng madaling akses at pakikipag-ugnayan upang mabigyang ng kapangyarihan at maipabatid sa komunidad.



## Pagbabago ng Patakaran at Mga Sistema

**Estratehiya 2:** Pagsapit ng Disyembre 2027, pinahusay na pagsunod sa batas ng California at mga gabay ng LA County na nag-aatas ng pagsusuri sa syphilis para sa lahat ng nagbubuntis sa kanilang unang pagbisita para sa pagbubuntis/panganganak (prenatal), na may karagdagang mga pagsusuri na inirerekomenda sa ikatlong trimester (28-32 linggo) at sa oras ng panganganak.

**Estratehiya 3:** Pagsapit ng Disyembre 2025, palawakin ang bilang ng mga pananala at pagsusuri ng STI sa mga populasyon na may mataas na panganib sa STI sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kamalayan at pag-unawa ng komunidad tungkol sa STI.

## Pagbuo ng Pakikipagkaisa (Partnerships)

**Estratehiya 4:** Pagsapit ng Enero 2025, magtatag ng isang konseho na nagtutulungan upang regular na humingi ng komento at pagtugon (input and feedback) mula sa komunidad upang matukoy ang mga aksyon at aktibidad na magpapabuti sa mga pagsisikap sa pagpigil at pagkontrol ng STI.

Last Rev: 10/03/2024 Tagalog/Filipino

## Pagiging Handa at Kakayahan ng Organisasyon

**Estratehiya 5:** Pagsapit ng Disyembre 2025, magtatag ng komprehensibong programa upang regular na magbigay ng nakatuong pagsasanay para sa mga imbestigador ng pampublikong kalusugan (PHIs), mga espesyalista sa interbensyon sa sakit na naroroon sa komunidad (CEDIS), at mga kawani ng klinika na unang tumutulong/nagseserbisyo.







# Mga Aksyon ng Pagtutulungan

### 1. Dagdagan ang Pagsusuri sa Syphilis

Ipatupad ang masusing pagsusuri at paggamot para sa syphilis para sa mga populasyong nasa panganib, kabilang ang mga kababaihang nasa edad ng reproduktibo at mga buntis na kababaihan.

### 2. Palawakin ang Kamalayan sa STI

Palawakin ang edukasyon at kamalayan tungkol sa mga STI, kabilang ang syphilis, sa mga taong may pinakamataas na panganib. Isama ang isang kampanya para mabawasan ang dungis sa karangalan (stigma) upang labanan ang dungis sa karangala na nauugnay sa mga STI, na maaaring maging hadlang sa pagsusuri, paggamot, at pagbubunyag. Dapat kasama sa mga mensahe ang kahalagahan ng pagsasama ng pagsusuri bilang bahagi ng karaniwang regular na proseso ng pangangalaga sa kalusugan.

### 3. Gamitin ang Pinaigting na Modelo ng Pangangalaga para sa mga Kababaihang Nakakaranas ng Mas Mataas na Pagkabulnerable

Gumamit ng mga pinaigting na modelo upang matugunan ang pangangailangan ng mga kababaihang mayroong iba't ibang magkakasabay na kondisyon, tulad ng pagkakaroon ng karamdaman ng pag-aabuso ng droga at kawalan ng tirahan bilang isang kritikal na interbensyon sa syphilis.

### 4. Palakasin ang Kahandaan ng Organisasyon upang Magbigay ng Pangangalagang May Kaalaman sa Kultura

Palawigin ang kakayahan ng mga manggagawa upang magbigay ng pangangalaga na may kaalamang pangkultura at angkop sa wika para sa pagpigil sa STI. Tugunan ang mga hadlang sa wika, pamantayang pangkultura, at mga salik na sosyo-ekonomiko na maaaring makaapekto sa akses sa pangangalaga at mga resulta ng kalusugan.

### 5. Labanan ang Pagkalat ng mga Impeksyon ng HIV at STI

Magsagawa ng mga sesyon o kampanya para sa edukasyon sa kalusugang sekswal, maging isang lugar na namamahagi ng condom, at aktibong magtrabaho upang tanggalin ang dungis sa karangalan (stigma) at diskriminasyon na nararanasan ng mga indibidwal at komunidad na may mataas na panganib sa HIV at STI sa mga organisasyong pang-relihiyon, lungsod, lokal na organisasyon, at mga negosyo. Ang mga lokal na ahensya ng komunidad at tagapagkaloob ng serbisyong medikal ay maaaring magbigay at magpadali ng pagkakaroon ng akses sa mga programa para sa pagpigil, pagsusuri, at mga serbisyo sa paggamot, at suportahan ang mga serbisyo para sa mga kapareha (hal., pagkuha ng impormasyon at pagbibigay-alam sa kapareha) para sa mga populasyong may mataas na panganib sa HIV at STI.


# Pinagtutuunan ng Pansin 3: Katarungan sa Kapaligiran

## Pahayag ng Resulta:

Ang mga naninirahan sa mga komunidad na lubhang apektado ng polusyon sa Los Angeles County ay namumuhay nang malusog at ligtas mula sa mga nakakalason na pagkakalantad at mga negatibong epekto ng pagbabago ng klima.

## Nasusukat na Layunin:

Sa loob ng limang taon, hanapin at ayusin ang mga pinagmumulan ng pagkakalantad sa tingga (lead) para sa hindi bababa sa 25% ng mga bata na may antas ng tingga (lead) sa dugo na 3.5 µg/dL o mas mataas na naninirahan sa mga pinakamatindi ang polusyon na komunidad ng Los Angeles County.



# Mga Estratehiya

## Kapaki-pakinabang at Inklusibong Datos

**Estratehiya 1:** Pagsapit ng Disyembre 2025, ipaskil ang mga datos sa isang plataporma na maaring maakses ng publiko na nagpapakita ng mga kondisyon ng kapaligiran, klima, at mga kaugnay na kondisyon ng kalusugan, na ipinaalam sa pamamagitan ng komento ng mga kinauukulang may interes na plano ng estratehiya (strategic planning stakeholder input).

**Estratehiya 2:** Pagsapit ng Disyembre 2025 at taun-taon pagkatapos nito, siguraduhin na ang webpage ng programa ng Opisina sa Katarungang Pangkapaligiran at Kalusugan ng Klima [Office of Environmental Justice and Climate Health (OEJCH)] ay nagbibigay ng napapanahon, may katuturang impormasyon para sa publiko, base sa komento na nakalap mula sa pakikilahok ng mga kinauukulang may interes (stakeholder) na plano ng estratehiya.

## Pagbabago ng Patakaran at Mga Sistema

**Estratehiya 3:** Pagsapit ng Disyembre 2025, bumuo ng paunang paksa ng pagpupulungan (agenda) ng patakaran tungkol sa mga prayoridad na isyu ng katarungan sa kapaligiran at kalusugan ng klima na tumutukoy sa hindi bababa sa 3 patakarang dapat ipagpatuloy.





## Pagiging Handa at Kakayahan ng Organisasyon

**Estratehiya 7:** Pagsapit ng Enero 2027, ipatupad ang magkatuwang na binuong estratehikong plano ng OEJCH upang mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan dulot ng mga pagkakalantad sa kapaligiran sa mga komunidad na labis na naaapektuhan ng polusyon at epekto ng klima.

## Pagbuo ng Pakikipagkaisa (Partnerships)

**Estratehiya 4:** Pagsapit ng Disyembre 2027, mabawasan ang panganib ng pagkakalason sa tingga (lead) mula sa pintura na may tingga (lead) sa 2000 kabahayan sa buong LA County sa pamamagitan ng paglunas sa mga panganib ng pintura na may tingga (lead).

**Estratehiya 5:** Pagsapit ng Disyembre 2025 at taun-taon pagkatapos nito, magkaloob ng pagsasanay at bumuo ng mga mapa para sa bawat mga koponan ng kalusugan sa maliit na lokal na lugar (hyper-local health teams), mga Koponan ng Pampublikong Kalusugan ng Komunidad [Community Public Health Teams (CPHTs)], upang palawakin ang kaalaman at kamalayan tungkol sa mga lokal na isyu sa kalusugan sa kapaligiran at katarungan sa klima sa mga paunang pilot na mga komunidad.

**Estratehiya 6:** Pagsapit ng Hunyo 2026, makipagpartner sa mga organisasyon para sa hustisyang pangkalikasan at kalusugan sa klima sa LA County upang suportahan at magtipon ng mga espasyo para sa mga simposyum para sa mga paksa ng hustisyang pangkalikasan at kalusugan ng klima.

# Mga Aksyon ng Pagtutulungan

### 1. Mag-ambag sa Datos at Pagsubaybay

Ibahagi ang datos upang maunawaan ang mga kondisyon sa kapaligiran na negatibong nakaka-impluwensya sa kalusugan ng mga komunidad sa LA County, at ang pagiging epektibo ng mga interbensyon upang mapabuti ang kalusugan.

### 2. Aktibong Makilahok sa Pagbuo, Pagsasakatuparan, at Pagpapatupad ng Patakaran

Makipag-ugnayan sa iba't ibang kinauukulang may interes (stakeholders) kabilang ang mga gumagawa ng patakaran, mga ahensya ng regulasyon, mga organisasyon na hindi para tumubo, at mga residente upang isulong ang hustisyang pangkapaligiran at pananaliksik sa kalusugan ng klima patungo sa makahulugang pagbabago ng patakaran. Tukuyin at itampok ang mga komunidad na nangangailangan ng hustisyang pangkapaligiran sa lahat ng antas ng gawaing pampatakaran. Maging tagapagtaguyod ng mga patakarang tumutugon sa mga kalagayan ng mga nangungunang komunidad, kabilang ang pagkakalantad sa nagsama-samang polusyon sa kapaligiran. Maging tagapagtaguyod ng mga patakarang nagsusulong ng mabuting kalusugan sa pamamagitan ng pagprotekta sa mga bulnerableng populasyon mula sa pagkakalantad sa at/o mabawasan ang pagkakalantad sa mga sanhi ng polusyon (pollutants) na nagdudulot ng hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

### 3. Makilahok sa mga Prayoridad at Programa na Isinusulong ng Komunidad

Pagkalooban ng kapangyarihan ang mga komunidad at mga residente sa pamamagitan ng aktibong pakikipag-ugnayan sa kanila sa pagpaplano, pagtatakda ng prayoridad, at pagpapatupad ng mga estratehiya, gayundin sa mga proseso ng paggawa ng desisyon na may kaugnayan sa katarungang pangkapaligiran at kalusugan ng klima.

### 4. Bumuo ng Kapasidad ng Komunidad upang Matugunan ang mga Kondisyong Pangkapaligiran sa Lokal

Turuan ang mga komunidad na labis na apektado tungkol sa mga pinagsama-samang epekto at paggamit ng lupa at  iba pang proseso sa paggawa ng desisyon na nagpapatuloy ng pagkakalantad sa iba't ibang pinagmumulan ng polusyon sa mga komunidad ng katarungan sa kapaligiran

# Pinagtutuunan ng Pansin 4: Pagpigil ng Karahasan



## Pahayag ng Resulta:

Ang lahat ng mga pamilya at komunidad sa Los Angeles County ay nabubuhay nang walang karahasan at umuunlad sa isang kultura ng kapayapaan.

## Mga Nasusukat na Layunin:

1. Mabawasan ang agwat sa mga antas ng pagpatay sa pagitan ng mga Aprikano-Amerikano at sa pangkaraniwan sa Los Angeles County ng 20% sa loob ng limang taon.

2. Mabawasan ang bilang ng mga nasa hustong gulang ng kababaihan at mga taong may iba't ibang kasarian na nag-ulat na nakaranas ng pisikal na karahasan mula sa isang matalik na kapareha ng 10% sa loob ng limang taon.

# Mga Estratehiya

## Kapaki-pakinabang at Inklusibong Datos

**Estratehiya 1:** Pagsapit ng Hunyo 2025, lumikha ng isang sentralisadong bukas na portal ng datos na may mga panukat (metrics) upang suriin ang pag-unlad sa mga hangarin at adhikain ng estratehiyang plano ng OVP.

## Pagbabago ng Patakaran at Mga Sistema

**Estratehiya 2:** Pagsapit ng Enero 2026, magtatag ng isang Konseho para sa Atakeng Sekswal (Sexual Assault) upang pahusayin ang koordinasyon sa iba't ibang sistema ng county at mga nagkakaloob ng serbisyo upang mapabuti ang mga serbisyo para sa mga nakaligtas sa atakeng sekswal at mamuhunan sa mga programa sa pagpigil.







## Pagbuo ng Pakikipagkaisa (Partnerships)

**Estratehiya 3:** Pagsapit ng Hulyo 2026, palawakin ang mga inisyatiba at serbisyo para matugunan ang karahasan na nkabatay sa kasarian sa kabuuan ng haba ng buhay sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pakikipagtulungan sa pagitan ng mga ahensya.

**Estratehiya 4:** Pagsapit ng Hunyo 2027, palawakin ang mga pagsisikap na isinusulong ng komunidad sa pampublikong kaligtasan na nakabatay sa lugar sa pamamagitan ng Inisyatiba sa Pagpigil ng Trauma [Trauma Prevention Initiative (TPI)], kabilang ang Pagtulong sa Lansangan at Interbensyon sa Karahasan ng Komunidad [Street Outreach and Community Violence Intervention (CVI)], Interbensyon sa Karahasan ng Ospital [Hospital Violence Intervention (HVIP)],  at mga samahan ng Aksyon ng Komunidad para sa Kapayapaan [Community Action for Peace networks] sa pamamagitan ng 1) pagtaas ng pamumuhunan sa siyam na komunidad, at 2) pagtatayo ng imprastraktura para sa pagsasanay sa interbensyon sa karahasan ng mga kasamahan (peer violence intervention training_at pagkakahanay ng mga serbisyo sa county

.

**Estratehiya 5:** SPagsapit ng Hunyo 2025, ipatupad ang isang komprehensibong plano upang itaguyod ang kaligtasan sa paggamit ng baril sa pamamagitan ng edukasyon at kamalayan sa komunidad, pagbabago ng mga patakaran, at mga pakikitungo sa kapwa.

## Pagiging Handa at Kakayahan ng Organisasyon

**Estratehiya 6:** Pagsapit ng Hunyo 2026, ipatupad ang mga sistema na may impormasyon sa trauma at pagbabago sa pagsasanay sa mga kagawaran ng County at mga kapartner sa komunidad upang itaguyod ang paggaling at kapakanan at upang suportahan ang natatanging mga pangangailangan ng mga lokal.

**Estratehiya 7:** Sa Hunyo 2026, bumuo ng isang pinagtulungang estratehiya sa komunikasyon upang itaguyod ang isang magkakatulad na pag-unawa sa karahasan at karahasan bilang isang isyu sa pampublikong kalusugan.

**Estratehiya 8:** Pagsapit ng Hunyo 2025, ipatupad ang mga lokal na pagsisikap upang mapigilan ang pagpapatiwakal at pag-uugali na nauugnay sa pagpapakamatay sa mga populasyon na ipinakitang nasa mas mataas na panganib kabilang ang mga kabataan, mga komunidad ng kulay (communities of color), mga beterano, at mga may-ari ng bari.

.

# Mga Aksyon ng Pagtutulungan

## 1. Mag-ambag sa Inklusibong Pananaliksik at Datos

- Tukuyin at ibahagi ang datos upang matugunan ang mga kakulangan sa datos at palalimin ang pag-unawa sa iba't ibang anyo ng karahasan, kabilang ang karahasan gamit ang baril, pagpapakamatay, karahasan dahil sa pagkapoot, karahasan sa tahanan, sekswal na karahasan, at pangangalakal ng tao (human trafficking).
- Suportahan ang mga pagsisikap na mangalap ng makalidadna datos upang mas malalim na maunawaan ang mga pangyayari ng karahasan at ang epekto ng mga kasanayang nakatuon sa kaalaman sa pagpapagaling at nakasentro sa komunidad tulad ng mga pakikitungo sa kapwa at pagsasalaysay upang mapalakas ang mga boses ng mga apektado ng karahasan at suportahan ang partisipasyong pananaliksik na nakabatay sa komunidad.

## 2. Maging tagapagtaguyod para sa Mga Pagbabago sa Patakaran at Mga Sistema

- Suportahan at ipatupad ang mga patakaran at mga kasanayan na nagpapalaganap ng mga pamamaraan na may kaalaman sa trauma, mga kasanayan sa pagpapagaling, at nagpapababa ng mga elemento ng rasismo at pagkiling. Bukod pa rito, suportahan ang mga proseso kung saan ang mga biktima at miyembro ng komunidad, kabilang ang kabataan, ay maaaring magbigay ng komento (input) at makibahagi sa pagbuo ng mga naturang patakaran at kasanayan.
- Suportahan at ipatupad ang mga patakaran at kasanayan na ginagawang mas madaling ma-akses ang pondo para sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad (grassroots) upang makatulong sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay, kabilang ang pakikipagtulungan sa mga ahensiyang pinansyal, pagpapadali at pagpapasimple ng mga kinakailangan sa kontrata, pagsusuri sa mga kinakailangan sa seguro (insurance) ng county, bilang karagdagan sa pagpopondo ng mga inisyatibo sa teknikal na tulong na bumubuo ng kakayahan ng mga organisasyong nakabatay sa komunidad.

# Mga Aksyon ng Pagtutulungan

### 3. Makipag-ugnayan at Suportahan ang Mga Programa at Prayoridad na Isinusulong sa Komunidad

- Suportahan ang pagbuo ng mga programa gaya ng holistiko (holistic) at kultural na angkop sa mga sentrro ng kabataan (youth centers) na nag-aalok ng mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong at serbisyo, bumuo ng pamumuno ng kabataan, at isinusulong ang sining, pagpapagaling, at nagpapanumbalik ng hustisya (restorative justice); at suportahan ang umiiral na mga inisyatibo na nakabatay sa komunidad at may kaalaman sa trauma.
- Makipag-ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad at mga kapartner sa mga koalisyon sa pagpigil sa karahasan sa rehiyon at pagkilos ng komunidad para sa mga kapayapaang samahan (network) upang suportahan ang lokal na pamunuan at pakikipagtulungan, lumikha ng ibinabahaging kaalaman sa mga pangunahing sanhi ng karahasan, pamamaraan sa kalusugan ng publiko, trauma at pagpapagaling, rasismo, at makasaysayang pang-aapi bilang bahagi ng mga lokal na plano sa pagpigil.
- Iayon ang mga inisyatiba na sumusuporta sa kalusugan, pagpapagaling, at kapakanan ng mga komunidad sa komunidad na apektado ng karahasan, tulad ng mga Inisyatibo sa Pagpigil sa Trauma (Trauma Prevention Initiative) sa komunidad, upang bumuo ng isang pamamaraang holistiko, nakabatay sa lugar na nakaayon sa pangangailangan at mga ari-arian (asset) ng bawat komunidad. Tukuyin ang karagdagang mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong at pakikipagpartner upang mamahagi ng libreng mga libreng kandado (safety lock) para sa baril sa buong county.

### 4. Mamuhunan sa Mga Inisyatibo sa Pagbabago ng Organisasyon

- Mamuhunan sa pagbabago ng mga sistemang may kaalaman sa trauma kabilang ang mga pagsasanay para sa mga manggagawa sa lahat ng antas, pagsasanay para sa mga kabataan at mga organisasyong nakikipagtulungan sa mga kabataan, at pag-aayon ng mga kasanayan at patakaran ng organisasyon na sumusuporta sa mga kawani, pagkakaloob ng mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong, at tumutugon sa nakakaranas ng trauma dahil sa nakikita sa iba (vicarious trauma) at pagkapagod sa pagmamalasakit (compassion fatigue).
- Mamuhunan sa mga programa at inisyatibo sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong at pag-aalok ng kakayahang angkop na pagpopondo na nagbibigay daan sa mabilis na mga pagtugon, hinihikayat ang mga bago at malikhaing estratehiya, at ang kakayahang umangkop sa pinakabagong mga pangyayari sa lipunan at pampulitika at pisikal na kapaligiran.
- Magkaloob ng mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong at patuloy na pondo upang mapanatili at mapalawak ang mga programa tulad ng mga Parke Pagkatapos ng Dilim (Parks After Dark), mga Ilaw sa Gabi ng Tag-init (Summer Night Lights), Pagtugon sa Krisis (Crisis Response), Pagbibigay ng Impormasyon/Tulong sa Lansangan (Street Outreach), at mga Programa sa Interbensyon sa Karahasan ng Ospital [Hospital Violence Intervention Programs (HVIPs)] sa mga trauma center sa mga komunidad kung saan may mataas na antas ng karahasan.
- Maglaan ng pondo para sa mga koordinadong kampanya sa komunikasyon upang suportahan ang ang karahasan bilang isang isyu ng pampublikong kalusugan na maaaring mapigilan at bumuo ng mga karaniwang mensahe at malikhaing paraan upang makipag-ugnayan sa iba't ibang kaukulang may interes (stakeholder) na apektado ng karahasan.

Ang pagbabago ay nangangailangan ng sama-samang kagustuhan at pangakong gagawin ng Pampublikong Kalusugan at mga kapartner.

Ang mga resulta sa planong ito ay hindi maaaring makamit kung magtatrabaho ng kanya-kanya.

Umaasa kami na ang planong ito ay magsisilbing gabay na maaaring magamit ng sama-sama para mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtugon sa mga pangunahing sanhi ng hindi pagkakapantay-pantay sa mga resulta ng kalusugan.

**Tingnan kung paano makikipag-partner sa amin sa:**

http://publichealth.lacounty.gov/pie/planning/chip.htm

